Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# MAPEH - ARTS



| Development & Editorial Team | |
|---|---|
| **Writers:** | Lisette B. Coronado |
| **Illustrators:** | Lisette B. Coronado |
| **Layout Design Editor:** | Dr. Normina B. Hadji Yunnos |
| **Content Editors:** | Pedro D. Gloriani |
| **Management Team:** | Dr. Malcom S. Garma, Regional Director - NCR<br>Loreta B. Torrecampo, CESO V, SDS - SDO Pasay City<br>Dr. Arturo A. Tolentino , OIC ASDS- Pasay City<br>Dr. Genia V. Santos, CLMD Chief – NCR<br>Librado F. Torres, CID Chief SDO-Pasay City<br>Dr. Marita D. Aquino ,Regional EPS- MAPEH<br>Dennis M. Mendoza, LR EPS – NCR<br>Nancy C. Mabunga, Librarian - NCR<br>Mr. Pedro D. Gloriani , EPS-MAPEH – SDO Pasay City<br>Dr. Normina B. Hadji Yunnos, EPS – LRMS - SDO Pasay City |



(Pagmamay-ari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)

### Inaasahan

Produces several editions of the same print that are well-inked and evenly printed.

### Unang Pagsubok

**PANUTO:** Isulat ang **TAMA** kung ang pangungusap ay nagpapakita ng wastong paraan at pag-uugali sa pagbuo ng likhang-sining . **MALI** naman kung hindi wasto.

__________**1**. Panatilihing malinis ang iyong ginagawang likhang-sining.

__________ **2.** Ipagawa sa iba ang iyong proyekto.

__________ **3.** Hayaang nakakalat ang mga kagamitan.

__________ **4**. Pagtawanan ang likhang-sining ng iba.

__________ **5**. Gawin ng buong puso at lakas ang mga pinapagawa ng guro.

### Balik-tanaw

Ano ang maaari nating gawin sa mga bagay na ating nilimbag?

______________________________________________________________

### Maikling Pagpapakilala ng Aralin

Ang monoprinting ay isang uri ng paglilimbag kung saan one of kind o natatangi ang bawat malilikhang larawan. Hindi ito tulad ng ibang uri ng paglilimbg kung saan maaring lumikha ng maraming kopya ng orihinal na larawan.

Isinasagawa ang monopriting sa pamamagitan ng paglalagay o pagdaragdag ng tinta (additive method) o pagtatanggal o pagbabawas ng tinta (substractive method) sa malinis na plate na karaniwang metal o salamin.

### Gawain

**Mga Kagamitan**: Lumang pahayagan para pantakip sa mesa, lapis, basahan para sa panlinis ng paintbrush, itim na tintang pantela o mga madilim na tinta, disposable na kutsara, 2 oslo paper, powder dye na inihalo sa ½ tasang mainit na tubig, salamin na nasa ibabaw ng mesa.

**Hakbang sa Paggawa:**

**1**. Ihanda ang mga kagamitan sa paglilimbag.
**2**. Iguhit ang larawan o disenyong iyong ililimbag sa isang hiwalay na papel.
**3**. Pahiran ng 2 kutsarang tintang para sa tela ang ibabaw ng salamin. pantayin ang pagkakapahid ng tinta gamit ang brush.
**4**. Iguhit ang iyong larawan o disenyo sa ipinahid na tinta gamit ang iyong daliri
**5**. Para iguhit ang maliliit na linya, gumamit ng lumang panulat o anumang bagay na mayroong manipis na dulo.

**6.** Ipatong nang dahan-dahan ang papel sa ibabaw ng ignuhit na larawan. Iwasang gumalaw ito.
**7**. Gamit ang iyong palad, haplusin nang dahan-dahan at paikot ang likuran ng papel. Gawin ito ng mga tatlong beses.
**8.** Iangat ang papel nang dahan-dahan para makita ang ginawang nilimbag na larawan ng monoprint.
**9.** Patuyuin ang monoprint sa papel bago lagyan ito ng pangkulay mula sa hinalong powder dye at mainit na tubig.

### Tandaan

Ang sining ng **paglilimbag** ay pamamaraaan ng paglipat ng larawang iginuhit at inukit na maaring ginawa mula sa kahoy, goma, metal, at ipa pa. Inililimbag ito sa anumang bagay tulad ng papel at tela.

### Pag-alam sa Natutuhan

**PANUTO**: Lagyan ng tsek (✓) ang kahon batay sa antas ng iyong naisagawa sa buong aralin.

**RUBRIK PARA SA PAGLILIMBAG NG MONOPRINT**

| **Mga Sukatan** | Higit na nasusunod ang pamantayan sa pagbuo ng likhang sining (5) | Nasunod ang pamantayan sa pagbuo ng likhang-sining (3) | Hindi nasunod ang pamantayan sa pagbuo ng likhang-sining (2) |
|---|---|---|---|
| 1.Ang larawan ay nabuo gamit ng proseso ng monoprinting. | | | |
| 2. Nakasunod sa mga panutong binigay sa paglimbag ng larawan | | | |
| 3. Malinaw at nakikitang mabuti ang paksa ng larawan. | | | |
| 4. Maayos at malinis ang pagkakagawa ng monoprint. | | | |

### Pangwakas na Pagsusulit

Sa paggawa ng iyong likhang-sining, ano ang mahalagang pag-uugali ang iyong natutunan?
(5 puntos)

______________________________

______________________________

______________________________

**Susi sa Pagwawasto**

**Unang Pagsubok**

1. TAMA
2. MALI
3. MALI
4. MALI
5. TAMA

**Balik-tanaw**

Maari natin gawing palamuti ang mga nilimbag na bagay.

**Pag-alam sa Natutunan**

1. 5
2. 5
3. 5
4. 5

**Puntos : 20**

**Pangwakas na Pagsusulit**

Isa sa mahahalagang pag-uugali ang aking natutunan ay pagiging malikhain sa mga likhang sining na aking ginagawa.

**Sanggunian:**
Halinang Umawit at Gumuhit, Hazel P. Copiaco, Emilio S. Jacinto Jr., Guide to the Philippines